２０２５
豊橋版　就学ガイドブック
小学校
＜タガログ語＞

もうすぐ一年生

Magiging Grade 1 na ako!

こどもの　なまえを　ひらがなで　かいて　みましょう。

Isulat ang pangalan ng bata sa Hiragana.

〈タガログ語〉

MGA NILALAMAN

1. Mga Bagay na Mahalagang Gawin Bago Magpasukan 2

2. Mga Bagay na Mainam na Sanayin ang Bata Bago Magpasukan 3

3. Mga Gamit sa Paaralan at Iba pang Paghahanda 4. 5

4. Mga Gamit na Kailangang Dalhin Pagpasok sa Paaralan Araw-araw 6

5. Tungkol sa Pag-aaral 7

6. Pag-aaral sa Tahanan (Kahilingan sa mga Magulang) 7

7. Tungkol sa Pangangalaga at Payo sa Kalusugan 8

8. Tungkol sa School Lunch 9

9. Tungkol sa Pagpasok at Pag-uwi 10

10. Tungkulin ng Pagbantay sa Trapiko (*Hata tōban*) (Katungkulan sa Pangangalaga ng kaligtasan sa pagtawid) 11

11. Sistema ng Direktang Pagbabawas ng Pambayad sa mga Gastusin sa Paaralan Automatic Bank Transfer (Debit) System 12

12. Paraan ng Pagsulat sa Contact Notebook (Renraku-chō) 13. 14

1 Mahalagang Gawin Bago Magpasukan

1. Sanayin ang inyong anak na gumawa ng mga bagay para sa kanyang sarili.
2. Sanayin ang inyong anak na magsuot at maghubad ng sariling damit.
3. Turuan ang inyong anak na maglinis at magligpit ng mga bagay na ginamit.
4. Sanayin ang inyong anak na maghilamos ng mukha at magsipilyo ng ngipin.
5. Sanayin ang inyong anak na maghugas ng mga kamay bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo.
6. Sanayin ang inyong anak na magsabi sa guro kung may nakalimutan o kung may nahulog na bagay, kung kailangang pumunta sa banyo o kung masakit ang ulo, tiyan, atbp.)
7. Sanayin ang inyong anak na huwag mamili ng pagkain at kumain sa loob ng dalawampung (20) minuto.
8. Sanayin ang inyong anak na sabihin nang malinaw ang kanyang pangalan at pangalan ng magulang.
9. Sanayin ang inyong anak na sumagot ng “hai” kapag tinawag ang kanyang pangalan.
10. Sanayin ang inyong anak na gumising at matulog nang maaga.
11. Siguruhing ang inyong anak ay marunong magbasa ng karatula at signal sa kalye at marunong tumawid nang maayos.
12. Siguruhing ang inyong anak ay marunong makipaglaro nang magiliw sa iba.
13. Siguruhin na ang inyong anak ay marunong humawak ng lapis at chopsticks nang wasto.

2	**Mainam na Sanayin ang Bata Bago Magpasukan**

1	Kayang basahin at isulat ang kanyang pangalan.
2	Kayang tumingin sa taong nagsasalita at makinig nang tahimik.
3	Alam kung saan ang kaliwa at kanan.
4	Alam ang mga klase ng kulay.
5	Kayang magtupi ng papel.
6	Kayang magtali.
7	Kayang gumupit gamit ang gunting.
8	Kayang magpiga ng basahan.

3 Mga Gamit sa Paaralan at iba pang Ihahanda

◆MGA DAPAT BILHIN SA TAHANAN

School bag
(randoseru)



Pencil Case (simple)

Mga Lapis
(5 lapis na B at 1 pulang lapis)

Pambura

Shitajiki (blotting pad)



Pouch para sa gamit
pang-lunch at table cloth



Chopsticks at
lalagyan

★Sapatos panloob
gamit sa loob ng



★Sombrerong pang-PE
Baliktaran na pula at puti

★Sapatos pang-PE at lalagyan

★Damit pang-PE
(maiksing manggas)

★Damit pang-PE
(mahabang manggas)

★short na pang-PE

★Ang marka ay itinalaga ng paaralan.

Mga tindahan na nagtitinda ng damit na itinalaga ng paaralan:

◆Mga bagay na bibilhin sa pamamagitan ng paaralan pagkatapos ng pagpapatala (para lamang sa mga nais mag-order)

・Keyboard (keyboard) harmonica
・Water color

◆MGA BAGAY NA BIBILHIN NG PAARALAN (Ipamimigay sa araw ng entrance ceremony)

・ ***Nōto*:*Notebook***
【Nihonggo (*kokugo*), Matematika (***sansū***), walang linyang *notebook* (*jiyūchō*), *notebook* para sa komunikasyon ng magulang at guro (o ang tinatawag na "*renraku-chō*")】

・***Kurepasu, Kūpī*:** Mga Krayola, mga lapis na pangkulay (12 na kulay)

・***Kakikata-pen:*** Marker

・***Namae-pen*:** Felt-tip marker

・**Sutiku-nori:** Glue stick

・***Hasami*:** Gunting

・***Nendo*:** Clay (Pati lalagyan)

・***Nendo-ban*:** Clay mat

・***Kasutanetto:*** Castanets

・***Renraku-bukuro*:** Supot na lalagyan ng Renrakucho notebook

・***Seiri-bako*:** Kahon na lagayan ng mga gamit sa silid aralan.

・***Nafuda:*** Name tag

***Ang mga pangunahing libro ay ibibigay ng libre, ngunit may ilan na kailangang bayaran.**

◆Kasuotan:

・Damit: Walang uniporme. Pasuotin ang inyong anak ng damit na komportable na madali niyang isuot at hubarin nang mag-isa.
・Sombrero: Dilaw na sombrero para sa kaligtasan. (Mayroon itong sagisag ng paaralan, lagyan ng tali sa baba)
・Rubber shoes: Sapatos na komportable at kaya niyang isuot nang mag-isa.
・Damit pang-PE (mahaba/maiksing manggas), shorts na pang-PE, sombrerong pang-PE (May damit pang-itaas na mahaba ang manggas at pantalon para sa taglamig.)
・Sapatos na pang-gym (Ginagamit sa loob ng gym. Ilalagay sa lalagyan at iniiwan ito sa silid-aralan.)
・Gamit pang-ulan:Pumili ng matingkad na kulay na madaling makita, tulad ng dilaw na payong o kapote. (Iwasan ang mga payong na detiklop.)

4 Mga Gamit na Kailangan sa Pagpasok sa Paaralan Araw-araw



◆Kailangang Pag-ingatan

- Isulat nang malinaw ang grade, section at pangalan(Hiragana) sa lahat ng gamit.
- I-check palagi ang laman ng bag(randoseru) at renraku-chō. Ipasa kaagad ang mga mahahalagang papeles sa paaralan.

※Huwag magdadala ng mga bagay na hindi kailangan sa pag-aaral at pamumuhay sa paaralan.

5	**Tungkol sa Pag-aaral**

◆Pangalan ng mga Subject

Wikang hapon	KOKUGO	Edukasyong Pangkabuhayan Grade 1-2	SEIKATSU
Math	SANSŪ	Araling Panglipunan Grade 3-6	SHAKAI
Musika	ONGAKU	Science Grade 3-6	RIKA
Sining	ZUKŌ	Edukasyong Pantahanan Grade 5-6	KATEIKA
P.E.	TAIIKU	Integration	SŌGŌ
Mabuting asal	DŌTOKU	Ingles Grade 3-6	EIGO

・Club(Sports、Science、Game , atbp). Grade 4,5,6

6	**Pag-aaral sa Tahanan (Kahilingan sa mga Magulang)**

Kailangang pakinggan ang pagbabasa ng libro ng inyong anak araw-araw.

Kailangang pagsanayin sa pagsusulat araw araw ng Hiragana, Katakana o Kanji sa notebook.

Subaybayan habang nag-aaral ang inyong anak (tabihan at alalayan).
Gumamit ng dictionary at hanapin ang iba’t ibang bokabularyo.

Ituro ang numero sa wikang hapon.
Tulungan ang inyong anak na magkaroon ng kagawian sa pag-aaral araw araw.



7 Pag-iingat at Pag-aalaga sa Kalusugan

◆Resulta ng Medical Check-up

- Sirang ngipin
- Malabong mata.
- Atopic dermatitis (Allergy sa balat)
- Enlarged tonsils (Malaking tonsil)
- Hindi normal ang pandinig
- Iba pa（Heart murmur）

Mangyaring ipakonsulta sa espesiyalistang doktor kapag may nakitang sakit o problema. Ang malusog na pangangatawan ang pinakamahalaga sa pamumuhay sa paaralan. Siguraduhing nasa magandang kondisyon ang katawan ng bata kapag papasok sa paaralan.

◆Mensahe mula sa Clinic

① Sa kasong sumama ang pakiramdam ng bata, sandaling pagpapahingahin sa clinic upang obserbahan. Kapag hindi nanumbalik ang sigla ng bata, tatawagan ang magulang/tagapag-alaga at pauuwiin nang maaga ang bata kung kaya't kailangang sunduin sa paaralan.

② Kapag nasugatan o naaksidente at ginamot sa ospital ang bata ay ibabalik ng school insurance na *Dokuritsu Gyōsei Hōjin Supotsu Shinkō Center* (National Institute of Japan Sports Council) sa magulang ang partial na halaga ng nagastos. Ang sistema ng pagbabayad ng insurance ay isang beses sa isang taon lamang (¥ 460 sa nakaraang taon). Lahat ng estudyante sa Toyohashi ay naka-subscribed.

- **Kapag pupunta sa ospital mula sa paaralan**

  Dadalhin ang bata sa ospital na isinulat ng magulang sa emergency card. Ayon sa patakaran, kailangan na kasama ang magulang/tagapag-alaga.

  May mga sitwasyong hindi magagamot ang bata kapag walang pahintulot ng magulang/ tagapag-alaga, kung kaya't tiyakin po lamang na maaari kayong tawagan ng paaralan anumang oras.

- **Kapag pupunta sa ospital mula sa tahanan pag-uwi galing sa paaralan (nasugatan sa paaralan)**

  Ipaalam kaagad sa class teacher.

③ Mga Karagdagan

*Tungkol sa Pagpapahiram ng damit

Ang paaralan ay magpapahiram ng damit kapag ito ay nadumihan.
Magpapahiram ng bagong underwear ang paaralan, kung kaya't bagong underwear din ang ibabalik sa paaralan.

- Kapag may pag-aalalang mapa-ihi ang inyong anak, padalhan ng underwear sa kanyang bag.

8 Tungkol sa School Lunch

Ang pagkain sa Japan ay hindi ginagamitan ng asin at paminta. Madalas gamitin na pampalasa ay miso, toyo, asukal at mirin. Sa umpisa ay maninibago ngunit dapat kumain kahit paunti-unti upang masanay sa lasa.

May tanghalian (*Kyuushoku*) na hinahanda ang paaralan. Sabay-sabay kakain ang guro at ang magkaklase sa silid-aralan. Estudyante ang maghahain nito depende kung sino ang nakaduty (tōban). Ang duty (tōban) ay iikot nang sunod-sunod sa lahat.



- Kailangang ihanda ng mga estudyante ang kanilang sariling school lunch uniform (cap, apron and mask) kapag nag-duty (tōban) sa school lunch.
- Iuwi ang school lunch uniform sa tahanan at labhan pagkatapos ng duty (tōban).
- Hugasan/labhan ang chopsticks, (spoon at fork) at table napkin araw-araw sa tahanan. Ilagay sa lunch pouch at huwag kalimutang dalhin ang mga ito sa paaralan araw-araw.

Para sa mga bagong pasok na Grade 1 ay mas matagal ng isang linggo mag-uumpisa ang school lunch, kumpara sa ibang baitang.
(Nakatakda sa kalagitnaan ng Abril)

May menu na ibibigay kada buwan.

9 Tungkol sa Pagpasok at Pag-uwi

Sa Japan ay nakatakda ang papasukang paaralan depende sa inyong tirahan. Upang maiwasan ang aksidente ay sabay-sabay papasok kasama ang grupo at dapat dumaan sa itinakdang daan kapag papasok at kapag uuwi.

Minsan ay may naka-duty (hata tōban) na magulang upang tumayo at magbantay sa daan habang tumatawid ang mga bata. Ang grupo na kasabay sa paglalakad ay binubuo ng mga mag-aaral na magkakalapit ang bahay. Kapag nagkasakit o may kailangang puntahan at hindi makakapasok sa paaralan ay isulat sa contact notebook (renrakucho) ang dahilan at ipadala ito sa group leader (hanchou). Isusulat ng guro ang schedule para sa susunod na araw at ibabalik sa group leader upang maihatid sa inyo ang contact notebook (renrakucho).

・Kung gagamit ng institusyon (bahay paalagaan) ang bata sa kung anumang dahilan at sasakay sa bus, mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan ang contact number ng institusyon.

・Ipaalam din kung nag-iba ang institusyon ng paalagaan.

・Magulang ang dapat makipag usap sa bahay paalagaan ukol sa oras ng pagpasok at pag-uwi ng bata.

Sa umaga ay maglalakad papunta sa paaralan kasama ang isang grupo.

Bago mag 8:(　　分)　ay dapat na makarating sa paaralan.

Ipagbibigay-alam ang pangalan ng grupo, lugar at oras ng tagpuan sa pamamagitan ng upper grade na estudyante.

Mangyaring samahan ang inyong anak na maglakad sa tamang daanan papunta sa paaralan at ituro na dapat sa kanan maglakad, pagtingin ng traffic light, paraan ng pagtawid at delikadong lugar. (Ituro ang kaligtasan ayon sa anggulo ng isang bata)

Pagkatapos ng enrollment ay sasamahan muna ng mga ilang araw ng guro ang bata sa uwian hangang sa kalagitnaan.

10	**Tungkulin ng Pagbantay sa Trapiko (*Hata tōban*)**

Ang mga magulang ay nagtutulungan sa pagbabantay sa tawiran at delikadong lugar upang masigurado ang kaligtasan ng mga bata. Gumagamit ang mga magulang ng dilaw na bandera sa pag-aalalay sa mga batang naglalakad. Ipapasa ang bandera sa susunod na magsasagawa ng tungkulin pagkatapos. (Maaari rin itong ilagay sa labas ng pintuan.)

Ang oras ay simula 7:30 hangang 8:00 ng umaga, 30 minuto. Ang tungkulin ay dalawa o tatlong beses sa isang taon.

Kapag hindi pwede sa araw ng inyong nakatakdang araw ay maaaring magpapalit sa ibang tao. Ibibigay ng PTA ang papel ng schedule na nakasulat ang araw, lugar at pangalan ng lahat ng magsasagawa ng tungkulin.

11 Tungkol sa Sistema ng Automatic Transfer ng Bayarin sa Paaralan (Direct Debit System DDS)

◆Paraan ng Pagproseso ng Direct Debit System (DDS)

① Magbukas ng *account* sa pangalan ng magulang/tagapag-alaga sa banko na kaalyansa ng paaralan (nakasulat sa ibaba). Kung mayroong *account* sa isa sa mga bankong ito ay hindi na kailangang magbukas ng panibago.

Mga bankong kaalyansa ng paaralan:

② Mangyaring magdeposito ng sapat na halaga sa inyong account para sa mga gastusin sa paaralan tuwing ika ( ) ng buwan.
Ang *automatic bank transfer* ay tuwing ika ( ) bawat buwan.

- Ipagbibigay-alam kung magkano ang kailangang bayaran sa katapusan ng bawat buwan sa pamamagitan ng “Notification of Automatic Transfer of Tuition Fees na ibibigay sa inyong anak.
- Siguruhing may sapat na pondo ang inyong account
- Awtomatikong ikakaltas ang tuition fee sa bank account ng magulang/tagapag-alaga sa araw ng debit date.
- Makikipag-ugnayan ang paaralan kung hindi posible ang pagkaltas dahil sa hindi sapat na balanse.
- Maniningil ng handling fee kung magbabayad sa banko.

◆Tungkol sa Tuition Fee Direct Debit (DDS) Request Form

① Sundan ang halimbawa kung paano sulatan ang *form*, gumamit ng ballpen at sulatan ito nang madiin.
② Gamitin ang inkan na ginamit sa pagbukas ng bank account sa ika-1 at ika-2 pahina (pages 1 and 2). Isusulat ng paaralan ang section (kumi) at *student number* (bango) ng inyong anak kung kaya’t hindi ito kailangang sulatan.
③ Dalhin ito sa paaralan hanggang ( ) buwan（月）( ) araw（日）.

Paalala: <u>Kailangang gamitin sa form ang *inkan* na ginamit sa pagbukas ng *bank account*.</u>

12 Paraan ng Pagsulat sa Contact Notebook (*Renraku-chō)*

Mangyaring tiyaking makipag-ugnayan sa class teacher kung hindi makakapasok ang inyong anak sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagsulat sa contact notebook (renraku-chō). Gayundin kung kailangang umuwi nang maaga sa kadahilanang may kailangang puntahan, tiyaking makipag-ugnayan kaagad sa class teacher sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagsulat sa contact notebook (renraku-chō) at kailangang sunduin ng magulang/tagapag-alaga ang bata. Hindi papayagan ng paaralang umuwi ang inyong anak nang mag-isa.

Japanese	Kahulugan	Paano Isulat
けっせき します	Liliban sa klase ang aking anak.	Kesseki shimasu
ちこく します	Mahuhuli ng pasok ang aking anak.	Chikoku shimasu
そうたい します	Uuwi ng maaga ang aking anak.	Sōtai shimasu

＜**Dahilan 理由（りゆう）**＞

ねつ	Lagnat	Netsu
はきけがする	Nasusuka	Hakike ga suru
せき	Inuubo	Seki
かぜ	Sinisipon	Kaze
あたま が いたい	Masakit ang ulo	Atama ga itai
みみ が いたい	Masakit ang tainga	Mimi ga itai
は が いたい	Masakit ang ipin	Ha ga itai
けが を した	Nasugatan	Kega o shita
びょういん に いく	Pupunta sa ospital/klinika (magpapatingin sa doktor)	Byōin ni iku
ようじ が ある	May kailangang puntahan	Yōji ga aru
おなか が いたい	Masakit ang tiyan	Onaka ga itai

◆Mga Halimbawa ng Pagsulat

Halimbawa 1: (Isulat) ***Kesseki shimasu. Kaze desu.***
Kahulugan: Liliban ang aking anak sa klase. Siya ay sinisipon.

Halimbawa 2: (Isulat) ***Chikoku shimasu. Byōin ni iku.***
Kahulugan: Mahuhuli sa pagpasok ang aking anak. Magpapatingin siya sa doktor.

Halimbawa 3: (Isulat) ○ ***ji ni sōtai shimasu. Yōji ga aru.***
Kahulugan: Uuwi nang ____:___ (oras)ang aking anak sapagkat may kailangan kaming puntahan.

※Gusto lamang siguruhin ng paaralan na alam ng magulang ang pagliban ng kanilang anak kung kaya't mangyaring tiyaking makipag-ugnayan sa paaralan.

※Sa Japan, ang mga bata ay dapat nasa paaralan maliban lamang kung may sakit. Kung maari ay iwasan ang pagliban o pag-absent dahil sa may kailangang puntahan.

Kung alinman sa mga sumusunod na impormasyon ay magbago, mangyaring ipaalam kaagad sa guro ng inyong anak. Ang mga ito ay kailangan ng paaralan kung sakaling may mga katanungan tungkol sa inyong anak o kung sakaling masugatan ang inyong anak at kailangang dalhin sa ospital.

- Telepono sa bahay at *cellphone.*
- Lugar ng trabaho, emergency contact number at numero ng health insurance.
- Lugar ng paalagaan ng inyong anak at ang paraan ng pagpasok at pag-uwi .
- Kapag lumipat ng tirahan.
- Kung may planong umalis ng bansa.